

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

I. LAYUNIN

Ang layunin ng Patakarang ito ay upang tukuyin ang pamantayan sa pagiging angkop para sa mga diskwentong iniaalok sa mga pasyenteng nakakatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Stanford Health Care (SHC o ospital) at walang insurance.

II. PATAKARAN

Nakatuon ang SHC upang tuluy-tuloy na magbigay ng patas na diskwento sa mga indibidwal na walang insurance, o, sa ilang sitwasyon, may insurance ngunit walang coverage ng insurance para sa ilang partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan sa paggamot na iniaalok ng SHC, ngunit hindi angkop para sa Diskwento sa Pangangailangang Pinansyal (Financial Need Discount) na nakatakda sa Patakarang sa Tulong Pinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa (Financial Assistance/Charity Care Policy) ng ospital. Ipinapakita ng mga diskwentong ito ang pagnanais ng SHC na makatugon sa mga indibidwal na sitwasyong pinansyal ng mga pasyente nito, habang ipinapatupad ang mga misyon nito na not-for-profit at makapagturo, at tinutugunan ang mga layunin nitong may kinalaman sa istrategiya, pagpapatakbo at pinansya.

Itinataguyod ng Patakarang ito ang mga alituntunin para sa isang Uninsured Patient Discount. Maaaring ialok ang mga diskwento sa mga pasyenteng nakatira sa United States o sa ibang bansa para sa mga serbisyo sa ospital na ibinibigay ng SHC at mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng mga doktor mula sa faculty na nagtatrabaho sa Stanford University.

III. PROSESO

A. **UNINSURED PATIENT DISCOUNT – MGA ALITUNTUNIN**

1. **Kahulugan ng Uninsured Patient Discount:**

- a. Sa ilalim ng Uninsured Patient Discount, dapat limitahan ng SHC ang inaasahang pagbabayad ng isang Pasyenteng Walang Insurance para sa mga serbisyo ng ospital at doktor na kinakailangan sa paggamot, dahil tinutukoy ang mga tuntuning iyon sa ibaba, sa halagang pinapagpasyahan ng SHC na nasa loob ng saklaw sa pagitan ng average na diskwento mula sa mga nasingil na gastusin para sa lahat ng nagbabayad para sa pinamamahalaang pangangalaga na commercial fee-for-service at ng pinakamababang diskwentong ibinibigay sa sinumang nagbabayad para sa pinamamahalaang pangangalaga. Susuriin ang halaga ng Uninsured Patient Discount sa

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

bawat quarter at maaari itong magbago anumang oras nang walang abiso. Para sa impormasyon tungkol sa kasalukuyang rate ng Diskwento, tingnan ang Attachment A.

b. Kung nanaisin ng isang pasyente na humingi ng tulong pinansyal na mas malaki kaysa sa kasalukuyang Uninsured Patient Discount, ire-refer ang pasyente sa SHC Financial Assistance/Charity Care Policy, at maaaring magkumpleto ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Application) alinsunod sa Patakarang iyon.

2. Mga Kwalipikadong Serbisyo:

- a. Dapat malapat ang Uninsured Patient Discount sa mga serbisyo ng ospital na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay sa o ng SHC. Bukod pa rito, sumang-ayon ang mga doktor mula sa faculty na nagtatrabaho sa Stanford University (Mga Stanford Physician) na dapat ding ilapat ang Uninsured Patient Discount sa ilalim ng Patakarang ito sa mga serbisyo ng doktor na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay sa SFIC ng Mga Stanford Physician. (Ang mga pasyenteng ginagamot ng isang doktor na hindi Stanford Physician ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang doktor nang direkta upang magtanong tungkol sa kung available ang diskwento para sa mga serbisyo ng doktor na ibinibigay ng hindi Stanford Physician; hindi sakop ng Patakarang ito ang mga nasabing doktor.) Kung sakaling hindi malinaw kung kinakailangan sa paggamot ang isang partikular na serbisyo, dapat itong pagpasyahan ng Chief Nursing Officer ng SHC. Maliban kung partikular na isinasaad, ang “mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan” o “mga serbisyo ng ospital” ay dapat ituring bilang ang nasabing mga serbisyo ng ospital na kinakailangan sa paggamot, at ang “mga serbisyo ng doktor” ay dapat ituring bilang ang nasabing mga serbisyo ng doktor na kinakailangan sa paggamot na ibinibigay ng Mga Stanford Physician.
- b. Kasama sa mga serbisyong karaniwang hindi itinuturing na kinakailangan sa paggamot at samakatuwid ay hindi angkop para sa Uninsured Patient Discount ang:
 - (1) Mga serbisyo sa Reproductive Endocrinology at Pagkabaog
 - (2) Mga serbisyo sa pagpapaganda (cosmetic) o plastic surgery
 - (3) Mga serbisyong nagwawasto ng paningin (vision correction) kasama na ang LASER, PRK, Conductive Keratoplasty, Intac’s corneal ring segments, Custom contoured C-CAP, at Intraocular contact lens
 - (4) Mga device na hearing aid at tumutulong na makarinig

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

- c. Sa bihirang sitwayson kung saan itinuturing ng isang Stanford Physician ang isa sa mga ganitong serbisyo bilang kinakailangan sa paggamot, maaaring maging angkop ang nasabing mga serbisyo para sa Uninsured Patient Discount kapag sinuri at naaprubahan ng Chief Medical Officer ng SHC. Nakalaan sa SHC ang karapatang baguhin ang listahan ng mga serbisyong hindi maituturing na kinakailangan sa paggamot ayon sa sarili nitong pagpapasya.
- d. Hindi itinuturing na kinakailangan sa paggamot ang pagkuha ng pangalawang opinyon (second opinion) at samakatuwid ay hindi angkop para sa Uninsured Patient Discount.

3. Mga Kinakailangan sa Pagiging Angkop ng Pasyenteng Walang Insurance:

- a. Dapat ibigay ng SHC ang Uninsured Patient Discount sa mga indibiwal na maituturing na Pasyenteng Walang Insurance ayon sa nakatakda sa ibaba at nakapagpatunay sa kanilang pagiging angkop.
- b. Ang isang Pasyenteng Walang Insurance, ayon sa mga layunin ng Patakarang ito, ay isang indibidwal na nakakatugon sa pamantayang nakatakda sa parehong (1) at (2);

(1) Dapat ding mangahulugan ang terminong “pasyente” bilang “pamilya” ng pasyente. Ang ibig sabihin ng “pamilya” ng pasyente ay:

- i. Para sa isang indibidwal na nasa 18 taong gulang at mas matanda, ang asawa, domestic partner at dependent na anak ng indibidwal na wala pang 26 taong gulang, na nakatira sa bahay o hindi,
- ii. Para sa isang indibidwal na wala pang 8 taong gulang, ang magulang, tagapangalaga, mga kamag-anak at iba pang anak ng magulang, tagapangalaga o kamag-anak ng indibidwal na wala pang 26 taong gulang.

(2) “Self-pay” at samakatuwid ay itinuturing na walang insurance (“uninsured”) ang pasyente ayon sa mga layunin ng Patakarang ito kung nalalapat ang alinman sa sumusunod:

- (a) Walang coverage ng third-party ang pasyente mula sa isang nag-i-insure ng kalusugan, plano sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, Medicare o

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

Medi-Cal, at walang pinsalang maaaring bayaran na may kinalaman sa mga layunin ng pasahod sa mga manggagawa, insurance ng sasakyan o iba pang insurance ayon sa napagpasyahan at nadokumento ng SHC.

- (b) Mayroong coverage ng third-party ang pasyente, ngunit lumampas na ang pasyente sa limitasyon sa benepisyo para sa nasabing coverage bago pa man matanggap sa SHC.
- (c) Mayroong coverage ng third-party ang pasyente ngunit tinanggihan ng coverage o hindi nagbibigay ng coverage ang nagbabayad na third-party para sa mga partikular na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kung saan nagpapagamot ang pasyente sa SHC.

4. Impormasyong Ibibigay ng Pasyente Para sa Pagpapasya tungkol sa Pagiging Angkop:

- a. Pagpapasyahan ng SHC ang pagiging angkop para sa Uninsured Patient Discount alinsunod sa Patakarang ito, at hindi isasaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan sa imigrasyon, seskwal na oryentasyon o inaanibang relihiyon ng indibidwal.
- b. Dapat magbigay ng impormasyon ang isang pasyenteng may coverage ng third-party at nag-a-apply para sa Uninsured Patient Discount patungkol sa nasabing coverage ayon sa kahilingan ng SHC upang makagawa ng hiwalay na pagpapasya ang ospital kung isang Pasyenteng Walang Insurance ang pasyente ayon sa nakatakda sa itaas.
- c. Umaasa ang SHC na ganap na makikipagtulungan ang isang pasyente sa proseso ng pangangalap ng impormasyon sa ilalim ng Patakarang ito, at ang pagkabigong magawa ito ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng ospital na maibigay ang Uninsured Patient Discount.

B. ABISO SA PUBLIKO

1. Ang abiso sa publiko patungkol sa availability ng Mga Uninsured Discount sa ilalim ng Patakarang ito ay nasa sumusunod na paraan dapat;

- a. Ipinapaliwanag ng mga naka-post na abiso na mayroong iba't ibang available na opsyon ang SHC kasama na ang mga diskwento at tulong pinansyal sa mga pasyenteng walang insurance o may hindi sapat na insurance.

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

b. Kasama sa mga abiso ang isang numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan na maaaring tawagan ng pasyente upang makakuha ng marami pang impormasyon tungkol sa mga nasabing diskwento at tulong pinansyal.

2. Ipinapaalam ng mga billing statement ng SHC sa mga pasyente na available ang Uninsured sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa SHC Customer Service Center.

IV. PAGSUNOD

- A. Ang lahat ng miyembrong nagtatrabaho kasama na ang mga empleyado, nakakontratang staff, estudyante, nagboboluntaryo, may kredensyal na medical staff at indibidwal na kumakatwan o nagsasagawa sa kasanayan sa SHC ay may pananagutang tiyakin na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;
- B. Iuulat ang mga paglabag sa patakarang ito sa Department Manager at sa anumang pang ibang naaangkop na Department ayon sa pagpapasya ng Department Manager o alinsunod sa patakarang ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang mapagpasyahan ang uri, kalalaan at potensyal na peligro sa ospital. Sasailalim ang mga miyembrong nagtatrabaho na lalabag sa patakarang ito sa naaangkop na aksyon sa pagdidisiplina (disciplinary action) na hanggang sa at kasama na ang pagkakatanggal sa trabaho.

V. MGA APPENDIX

- A. Attachment A: Impormasyon sa Kasalukuyang Rate ng Diskwento sa Walang Insurance

VI. MGA NAUGNAY NA DOKUMENTO

- A. Patakarang sa Tulong Pinansyal / Pangangalagang Pangkawanggawa
- B. Patakarang sa Paniningil ng Utang

VII. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

- A. Mga Legal na Awtoridad/Sanggunian
Wala
- B. May-akda/Orihinal na Petsa
Hunyo 2007, David Haray, Vice President, Patient Financial Services
- C. Tagapagtabi ng Orihinal na Dokumento
Administrative Manual Coordinator at Editor ng SHC
- D. Mga Pangangailangan sa Pagsusuri at Pag-renew

Susuriin ang Patakarang ito sa bawat tatlong taon at kapag kinailangan ayon sa pagbabago sa batas o kasanayan. Dapat maaprubahan ang anumang mga pagbabago sa Patakarang ng mga entity o tao

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

na nagbigay rin sa paunang pag-apruba,

- E. History ng Pagsusuri at Pagbabago
Hunyo, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP Managed Care, SUMC, David Haray, VP Patient Financial Services, SUMC
Nobyembre, 2007, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, Gary May, VP Managed Care, SUMC, David Haray, VP Patient Financial Services, SUMC
Setyembre 2010, Steve Chinn, DPM, Director, Accreditation, Quality & Safety
Marso, 2014, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel, David Haray, VP Patient Financial Services
Disyembre, 2014 Andrea M. Fish, Office of General Counsel, Terri Meier, Director Patient Financial Services, Michael Honeyman, Assistant Director Patient Financial Services
- F. Mga Pag-apruba
Agosto 2007, SHC Core Operations Group
Pebrero 2008, SHC Core Operations Group
Oktubre 2010, Quality, Patient Safety & Effectiveness Committee
Nobyembre 2010, SHC MEC
Nobyembre 2010, SHC Board Credentials, Policies and Procedures Committee
Mayo 2014, Quality, Patient Safety and Effectiveness Committee
Hunyo 2014, Medical Executive Committee
Hunyo 2014, Credentials, Policies & Procedures Committee

Nilalayong gamitin ng staff ng Stanford Health Care ang dokumentong ito.
Walang mga pagkakatawan o garantiya ang isinasagawa para sa paggamit sa labas.
Hindi para sa paggawa ng kopya o paglalathala sa labas nang walang pahintulot

Naaangkop ang patakarang ito sa: <input checked="" type="checkbox"/> <i>Stanford Health Care</i>	Petsa ng Huling Pag-apruba: Disyembre 2014
Pangalan ng Patakarang: PATAKARAN SA DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE (UNINSURED PATIENT DISCOUNT POLICY)	Pahina 1 sa 7
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

Attachment A

Impormasyon ng Kasalukuyang Rate ng Diskwento sa Walang Insurance Hanggang Hunyo 2014

Alinsunod sa Patakarang ito, maaaring makatanggap ang mga indibiwal na kinikilala bilang mga pasyenteng Walang Insurance ng limampung porsyento (50%) na diskwento para sa mga serbisyong kwalipikado bilang kinakailangan sa paggamot. Malalapat ang diskwentong ito sa mga bayarin sa ospital na sinisingil ng Stanford Health Care (SHC, at mga bayarin sa doktor ng mga doktor mula sa faculty na nagtatrabaho sa Stanford University (Mga Stanford Physician).

Malalapat ang mga karagdagang pagdidiskwento para sa Mga Stanford Physician sa mga sumusunod lang na Bayarin sa Doktor:

- Maraming operasyon: limampung porsyento (50%) na diskwento para sa ikalawang procedure, pitumpu't limang porsyento (75%) na diskwento para sa ikatlong procedure at anumang karagdagang procedure
- Assistant surgeon: pitumpu't limang porsyento (75%) na diskwento
- Co-surgeon: tatlumpu't tatlong porsyento (33%) na diskwento
- Bi-lateral procedure: tatlumpu't tatlong porsyento (33%) na diskwento
- Psychiatry: animnapung porsyento (60%) na diskwento

Dapat ilapat sa Uninsured Patient Discount ang karagdagang pagdidiskwentong ito para sa mga serbisyo ng Stanford Physician na nakalista sa itaas. Ibabawas muna ang nasabing mga karagdagang diskwento sa mga nasingil na gastusin. Ilalapat ang limampung porsyento (50%) na diskwento ng pasyenteng Walang Insurance sa balanse ayon sa naaangkop alinsunod sa Patakarang ito.

Sinusuri ang mga halaga ng kasalukuyang diskwento sa bawat quarter at maaari itong magbago anumang oras nang walang abiso.